

1

Matapos isukbit sa likod ang backpack ay pinuntahan ni Kit ang ina na naglalaba sa likod ng bahay nila.

“Mang, alis na po ako.” Humalik siya sa pisngi nito.

“Teka, bakit backpack na naman ’yang gamit mo? Hindi ba’t binilhan kita ng pink na shoulder bag?” Nakakunot ang noo nito habang pinagmamasdan ang kabuuang ayos niya.

Suot niya ang dark blue school uniform. Derecho ang yari niyon na may belt sa waistline.

“Mamang! Ayoko po n’un. Pambabae po ’yun, eh,” nakangusong sagot niya. Mukhang male-late pa siya sa unang araw ng klase. Nakakaamoy siya ng mahaba-habang sermon.

“Eh, ano ka ba? Hindi ba’t babae ka, Maria Cristina?” nakapamaywang na saad nito. Talagang diniinan pa nito ang pagkakabigkas sa buong pangalan niya.

Maria Cristina Inocencio ang buong pangalan niya pero Kit ang naging palayaw niya. Ang papang

niya ang nagbigay niyon sa kanya.

“Mamang, mamaya n’yo na po ako sermonan, baka po ma-late ako, eh.” Mabilis siyang tumalikod dito at natatawang naglakad palabas ng bahay.

Napapailing siya habang naglalakad patungo sa *St. Dominic’s College*. Graduating na siya sa high school. Kung hindi sa partial scholarship ay hindi niya gugustuhing mag-aral doon. Masyadong mahal ang matrikula. Kaya naman iyon ng papang niya na nagtratrabaho sa Middle East bilang computer programmer. Pero ayaw niyang mahirapan ang mga magulang. Kaya talagang pinilit niyang makakuha ng scholarship para mabawasan ang gastos. Kumpara sa ibang estudyante roon ay wala siyang sinabi sa buhay. Halos lahat ng anak ng mayayamang angkan sa bayan ng San Antonio ay doon nag-aaral. Kaya nagsusumikap siya sa pag-aaral. Hindi man niya nakuha ang pinakamataas na karangalan noong third-year siya ay walang problema sa kanya. Basta ang mahalaga ay nasa top ten siya.

Nang makarating sa school ay agad niyang tinungo ang bulletin board at tiningnan ang listahan ng mga magiging kaklase. Tatlong section lang ang senior students. Natuwa siya nang makitang kaklase niya ang matalik niyang kaibigang si Grace.

“Kit!”

Lumington siya sa tumawag. Napangiti siya nang makita ang best friend. Anak-mayaman ito pero hindi katulad ng ibang estudyante roon na spoiled. Kalog ito at mabait.

“Grace!” Kinawayan niya ito.

Nanlalaki ang mga mata nito. “Oh, my! Ang haba ng hair mo ngayon, ah.” Tila hindi ito makapaniwala sa hitsura niya.

Kunsabagay, sa loob ng tatlong taon nilang pagiging magkklase ay ngayon lang niya hinayaang humaba ang buhok na karaniwan ay hanggang batok lang. Ngayon ay lagpas-balikat niya iyon.

She rolled her eyes. Sinasabi na nga ba niya. Nang magsimula ang bakasyon ay talagang binantayan ng mamang niya ang buhok niya. Hindi ito pumayag na pagupitan iyon. Hinayaan na lang niya ang ina dahil mukhang tuwang-tuwa itong ayusin ang buhok niya.

“Kasalanan ’yan ni Mamang. Gusto yata akong gawing modelo ng buhok.”

Tumawa ang kaibigan. “Tita’s right. Mukha kasing nakakalimutan mong babae ka, Friend.”

“Hoy, Gracia. Kahit maiksi dati ang buhok ko at

mahilig ako sa panlalaking ayos, I can assure you na babae ako.” Tinampal niya ang balikat nito.

“Oo na. Halata ko naman, eh.” Inginuso nito ang harap niya. Mabilis na nag-init ang mukha niya at bigla ay nahukot ang tuwid na pustura.

Ang lakas ng halakhak nito. “Bakit mo ba ikinakahiya ’yan? You should be proud instead. Kaso kung gaano ka-gifted ’yong sa ’yo, gan’un naman kaliit ang sa ’kin.” Niyuko nito ang sarili at saka muling tumawa.

“Shh.” Inalapat niya ang kanyang hintuturo sa labi. “Baka may makarinig sa ’yo, matanggal ka pa sa honor list.”

Tumigil ito sa panunudyo ngunit nanatiling nakangiti. “Oo na. Tara na. Malipat nang mag-start ang class.”

Hingal na hingal sila nang marating ang fifth floor. Nakasalubong nila ang ilang kaklase na saglit nilang nakakuwentuhan.

Malayo pa sila ay tanaw na niya ang isang grupo ng mga kababaihan. Nakatayo ang mga ito sa tapat ng isang classroom. Sa porma pa lang ay kilala na niya kung sino ang mga ito.

“Well, what do you know? These bratinellas are still alive,” bulong ni Grace.

Napailing na lang siya sa narinig. It was Margareth and her allies. Hindi niya alam kung ano ang kasalanan niya at sa umpisa pa lang ay mainit na ang dugo ng mga ito sa kanya. Never niyang naging kaklase ang mga ito pero sa tuwing makakatinginan niya ang kahit sino sa mga ito ay iniirapan siya.

“Nice hair, Kit,” nakataas ang kilay na bungad ni Margareth. Halatang hindi ito sincere. Kung hindi niya kilala ito ay iisipin niyang isa itong anghel sa kagandahan. Mestiza ito at pinung-pino ang kutis.

“Looks like she had a treatment. Afford mo palang magpa-rebond, Kit?” segunda ng kaibigan nitong si Alice.

“Baka kasi sa cheap na parlor nagpa-rebond,” dagdag ni Sheena.

Sabay na naghalakhakan ang tatlo. Sa pagkakatanda niya ay iyon ang unang pagkakataon na kinausap siya ng mga ito. Iyon nga lang, para asarin siya. Sorry na lang ang mga ito pero wala sa bokabularyo niya ang mapikon at pumatol sa ganoong klaseng usapan. Parang walang narinig na nilagpasan niya ang mga ito.

“Ang mga estupidang iyon! Bakit hindi ka sumagot?” inis na tanong ni Grace.

“Ayoko nga. Hindi ko alam kung ano’ng problema nila sa ’kin. Pero hindi ko sila pag-aaksayahan ng oras,” balewalang sagot niya. Totoo iyon sa kanyang loob.

“Hah, they’re just insecure, Friend. Mas maganda ka kasi sa kanila and mind you, your beauty is effortless.” Siniko siya nito.

“Ako? Maganda? Okay ka lang?” nagtatakang ulit niya.

“Yes. Kahit itanong mo pa sa mga classmates natin,” tumatangong sagot nito.

Natawa na lang siya. Pumasok na sila sa classroom. Excited na siyang mag-aral. Kapag nakatapos siya sa college, puwedeng nang umuwi ang papang niya at magkakasama na silang tatlo ng mamang niya. Marami siyang pangarap para sa mga magulang. Sabik na siyang dumating ang panahon na wala nang gagawin ang mga ito kung hindi ang mamasyal at magpahinga. Iyong walang iniisip na problema. She would be the happiest daughter when that time comes.

“Oh, my gosh!”

Natakpan ni Kit ang dalawang tainga nang tumili ang kaibigan.

“Grace, nabasag na yata ’yong eardrums ko,” reklamo niya. Kasalukuyan nilang tinitingnan ang list ng magiging magkakagrupo para sa mini-thesis nila. All three senior sections were joined together. Pagkatapos, random silang igrinupo, labindalawang estudyante sa bawat grupo.

“Friend, ka-group mo si Papa Jude!” muli ay tili nito.

Si Jude Enrico Torregoza ay captain ball ng basketball varsity team, drummer ng banda, troublemaker at playboy.

“So?” kunot-noong tanong niya. Never pa niyang nakausap ang lalaking iyon.

“Hay naku! Oo nga pala. Ikaw lang yata sa mga babae dito ang walang crush sa kanya.” Natampal nito ang noo.

“Don’t tell me, crush mo ’yon? Baka marinig ka ni Margareth.” Isa pa iyon sa alam niya. Magkasintahan ang dalawa. Hindi miminsang nakita niya ang mga ito. Hindi na siya nagtataka roon. The two moved

in the same crowd. Plus, si Margareth ang muse ng basketball team.

“So?” panggaya nito.

“Baka sabunutan ka n'on,” pananakot niya.

“So ulit?” natatawa lang na kulit nito.

Natawa na rin lang siya sa inaakto nito. “Gracia, ang kulit mo. Halika na nga sa library,” yakag niya. Medyo disappointed siya na hindi niya ito kagrupo. Kakilala niya ang magiging groupmates pero hindi niya masasabing ka-close niya. Hindi kasi siya lumalapit sa ibang estudyante partikular sa hindi niya kaklase. Naiilang siya.

“Friend, if ever na maging close na kayo ni Papa Jude, ipakilala mo siya sa 'kin, ha?” Kumindat pa ito sa kanya.

“Fine,” kibit-balikat niyang sagot. Duda siya kung magiging close nga sila ng lalaking iyon. Baka nga hindi ito mag-contribute sa research nila. Sabi sa mga naririnig niya, Jude was always cutting classes. Well, how much of that was true, hindi niya alam. Ni minsan ay hindi niya pa ito naging kaklase.

“Kit, promise, ha?” Siniko siya nito ulit.

“Oo nga. Ang kulit mo.” She sneered at her.

“Kit?” tawag nito ulit.

“Ano na naman?”

“What if magkagusto siya sa 'yo?” Pinagsalikop pa nito ang mga kamay at may papikit-pikit pa ito ng mga mata.

“Huh? Okay ka lang? Ni hindi ko nga nakakausap 'yon.” Ano ba ang nangyayari sa kaibigan niya at kung anu-ano ang pumapasok sa isipan nito?

“Jeez. Hindi ka ba talaga kinikilig?”

“Iyong ganyan?” Nakangiwing itinuro niya ito.
“Never. No way.”

Hindi niya lubos maisip na magiging ganoon siya. Mayroon din naman siyang mga crushes, mostly *Hollywood* actors and animé characters pero ni hindi niya pinagpantasyahang may makatuluyan sa mga ito.

“Talaga lang, ha? Let's wait and see,” anito.

Hindi na lang niya pinansin ang huling sinabi nito.

Orientation nila para sa thesis na gagawin. Bawat grupo ay may research adviser. Tiningnan niya ang

mga kagrupo. Labing-isa pa lang sila at obvious na wala pa si Jude Torregoza.

“Guys, introduce yourselves to one another bago tayo mag-start ng discussion,” sabi ni Miss Manzon.

Isa-isa silang nagpakilala. Bahagya siyang nakahinga nang maluwag dahil sa tingin niya ay maayos naman ang mga kagrupo niya.

“Guys, the focus of our research is time management. Broad ang concept so I suggest you work in pairs. Puwede n’yong piliin ang magiging ka-pair n’yo.”

Nagkanya-kanyang pilian ang mga ito. She was waiting for somebody in her group to choose her, pero mukhang siya na dapat ang kumilos.

“Miss Manzon, am I still welcome?” a well-modulated voice cut-in.

“Jude, Pare, late ka na,” anang isang kagrupo niya. “Ikaw na lang ang walang partner.”

Her body stiffened when she realized that... that he would be her partner. She suddenly felt cold. Kung bakit ay hindi niya alam.

“You may come in, Jude.” Itinuro ng guro ang bakanteng upuan sa tapat niya. Hinawakan nito ang

balikat niya. “Kit, Jude will be your partner.”

Awtomatikong tumingin siya sa lalaki. Her eyes met the most expressive brown eyes she had ever seen.

“Hi, Kit.” Tumango ito.

Muli siyang napatingin sa mga mata nito na animo nakangiti sa kanya. Was it her imagination? May mga mata ba talagang ngumingiti? Ipinilig niya ang ulo.

“Hello,” tipid niyang sagot. Hindi niya alam kung saan idadako ang tingin. Kaharap niya ito. At ang isa pang hindi niya maintindihan ay kung bakit ang lakas ng kabog ng dibdib niya.

Isa-isang ibinigay ng adviser nila ang subtopics na kailangan nilang i-consider bago sila gumawa ng research questions, theories and questionnaires. Review of fifty related literature regarding time management ang na-assign sa kanila ni Jude. Nang matapos ang orientation ay nagtayuan na sila. Hindi siya sigurado kung kakausapin niya pa si Jude tungkol sa topic nila. She would rather work alone than with him. Isa-isang nagsialisan ang mga groupmates nila habang siya ay dinadahan-dahan ang pag-aayos ng mga gamit. Ito ay nakaupo at nakatingin sa kanya. If

he wanted to help, bahala itong mag-initiate.

“Siguro mas maganda kung mag-research muna tayo on our own bago natin i-compile lahat ng related lit,” lakas-loob niyang saad nang tila wala itong balak umimik. She tried to appear unaffected by his presence.

Umiling ito. “I think it is better for the two of us to know each other first.” There was a playful glint in his brown eyes.

“Kilala na kita. You are Jude Torregoza,” balewalang sagot niya.

“And you are Kit Inocencio.” He gave a small laugh. “What I mean is, we can build rapport para hindi tayo nagkakailangan.”

Her eyebrow raised. “So, naiilang pala ako, gan’un?” Hindi niya napigilang mapanguso. Nakalimutan niyang hindi pala niya ka-close ang kaharap.

“That’s more like it. All natural.” Ngumiti ito.

“Jude, knowing someone is a process. Hindi minamadali,” wala sa loob niyang sabi.

Matagal bago ito sumagot. Napatingin siya rito. For the first time, she was able to closely look at him.

Reunited Hearts - Blaize Pascual

“I would love to know you better, Kit.” He smiled.
She felt her heart leap.

2

“Kit, how’s your first meeting with Jude? Kinilig ka ba?”

Naudlot ang pagkagat niya sa sandwich na baon nang marinig ang tanong ni Grace.

“Okay lang,” aniya at saka itinuloy ang naudlot na pagkain. Breaktime nila kaya kinukulit na naman siya nito. Mula pa kaninang umaga ay atat na itong magpakuwento.

“Iyon lang? Okay lang? What can you say about him?” sunud-sunod nitong tanong. Kung malalaman nitong magka-partner sila ni Jude ay tiyak na uuriratin siya nitong lalo.

He’s so gorgeous. I wasn’t able to sleep last night because of him!

Yumuko siya upang maitago ang pagkapahiyang nararamdaman. Sa buong buhay niya ay kagabi lang nangyari na hindi siya nakatulog na ng dahil sa lalaki. Hinamig niya ang sarili. Tiyak na lalo siyang aasarin ni Grace kapag nalaman nito ang tumatakbo sa isipan niya.

“He’s fine,” pagsisinungaling niya. Muli ay naglaro sa kanyang balintataw ang kabuuang anyo ng binatilyo. His hair was unruly. Ang mga kilay nito na may kakapalan ay maganda ang hugis. His eyes...

Napapikit siya nang maalala ang mga mata nito—his chocolate brown eyes that seemed so playful, sparkling with amusement. Matangos ang ilong nito. He was tall. She felt her body shiver when she realized that she was able to memorize his features.

Pinukaw siya ng kaibigan. “Hey, bakit ang lalim ng iniisip mo?”

Pinilit niyang ngumiti rito. “Wala. Hindi lang ako nakatulog nang maayos. Ang dami kasi nating assignments.” Hindi niya magagawang aminin dito ang iniisip. Kahit sa sarili ay hindi niya matanggap na iniisip niya ang isang lalaki!

“Shucks! Kit, paparating si Papa Jude.” Inginuso nito ang pintuan na medyo malayo sa kanila.

Nanigas na yata ang leeg niya sapagkat hindi niya magawang lumingon. Nasapo niya ang dibdib sa kaba.

Hala! Bakit ako kinakabahan?

Mabilis niyang nainom ang Coke niya.

“Gracia, naman. Baka kasi nakakalimutan mong tao ’yan at malamang na nagugutom kaya nandito. Umayos ka nga.” Pinandilatan na lang niya ito.

Iningusan lang siya nito. Pasimpleng lumingon siya sa counter. Nakita niyang nakapila si Jude.

“Uyy, si Kit, dalaga na,” tukso ni Grace.

Nag-init ang pisngi niya sa sinabi nito. Nahalata kaya nito ang ginawa niyang lihim na pagsulyap kay Jude?

Impit itong humagikgik. “Friend, sa wakas may crush ka nang mortal.”

“Hindi ko tinitingnan si Jude, ’no.” Nakagat niya ang labi sa nasabi. Nagiging tactless na siya ngayon.

Tumawa lang ito, obvious na hindi naniwala sa sinabi niya. “Sabi ko na, eh. This will happen. “

“A-ano’ng ibig mong sabihin?”

“Secret.” Umakto pa ito na isini-zipper ang bibig. “Halika na.” Akmang tatayo ito ngunit mabilis niya itong pinigilan.

“Mamaya na lang.” Napasulyap siya kay Jude at sa mga kaibigan nito. Madadaanan nila ang puwesto

ng mga ito.

“Hay, conscious na si Cristina,” pang-aasar nito. “Halika na. Ako’ng bahala.” Kumindat pa ito.

Wala siyang nagawa kundi ang sumunod dito. Naririnig niya ang pagtatawanan ng grupo ni Jude. Nang makalapit sila ay tumahimik ang mga ito. Ayaw man niya ay hindi niya mapigilan ang sariling hindi tumingin sa gawi nito. It was as if a magnet was drawing her to look at him. Then she met those eyes that mesmerized the hell out of her. Pinilit niyang tumango rito. Ngani-nganing hatakin na niya palabas ng canteen si Grace. Akmang lalagpas na sila ay narinig niya ang pagtawag ni Jude.

“Kit.”

Dahan-dahan siyang lumingon dito. Palapit na pala ito sa kanila. Her heart beat a different rhythm. Pakiramdam niya ay may mga naghahabulang daga sa dibdib niya. Her attention was all focused on him. She tried to calm herself. Hindi niya gustong mapahiya rito at sa harap ng maraming tao.

“What time will I pick you up this afternoon?” nakangiting tanong nito.

“Pick me up? Saan tayo pupunta?” Pinapormal niya ang mukha.

“Sa library. Di ba magre-research tayo?”

Gusto niyang batukan ang sarili. Bakit nga ba nawala iyon sa isip niya? At sa tingin niya ay nagkakaroon na siya ng multiple personality disorder kapag sangkot ang lalaking ito sa usapan. Hindi niya nagugustuhan ang nangyayari sa kanya.

“Doon na lang tayo magkita sa library,” tipid niyang sagot.

Umiling ito. “No. Dadaanan kita after class.”

“Bahala ka.” Tumango na lang siya at naglakad palayo rito. Baka sakaling mawala ang mga kakatwa at kakaibang nararamdaman niya kung may distansya sa pagitan nila.

“Uyy, may date sila,” panunukso ni Grace na kung hindi pa nagsalita ay hindi niya maaalalang kasama pa pala niya.

Inirapan na lang niya ito. She tried to concentrate on her lessons.

Nang sumapit ang uwian ay nanatili siyang nakaupo.

“Uyy, may date sila ni Jude,” tudyo uli ni Grace na hindi niya namalayang nasa harap na pala niya.

“Hindi date ’yon. Magre-research lang kami,” depensa niya.

Tumawa lang ito at niyaya na siyang lumabas ng classroom. Atubiling tumayo siya. Paglabas nila ay naroon na ang lalaki. Nakasandal ito sa dingding at nakapamulsa. Tila kanina pa ito naghihintay.

“Jude!” bati ng kaibigan niya.

Mas excited pa ito sa kanya at hinila siya upang mapabilis ang paglapit nila dito. From the looks of it, mukhang hindi na niya ito kailangang ipakilala.

“Hey,” bati nito sa kanila.

Bahagyang nagtagal ang pagkakatingin nito sa kanya. Ngumiti ito.

“Jude, ingatan mo si Kit, ha?” sabi ni Grace na kanina pa siya palihim na nginingitian. Halatang nang-aasar ito.

Pinandilatan niya ito. Kung wala lang sa harap nila ang lalaki ay baka binatang na niya ito.

“I will.” Sumaludo pa ito sa kaibigan.

Nang magpaalam si Grace ay parang gusto niyang sumama dito. Nanatiling nakasunod ang tingin niya sa papalayong kaibigan.

Narinig niya ang pagtikhim ni Jude bago ito nagsalita.

“Tara na?”

Tumango na lang siya.

Nauna na siyang maglakad dito. Tahimik lang sila. Hindi niya gustong mag-initiate ng mapag-uusapan.

“Ang tahimik mo naman,” basag nito sa katahimikan.

“Wala naman tayong pag-uusapan.” Saglit siyang tumingin dito.

Tumawa ito. Napapikit siya nang marinig ang paraan ng pagtawa nito. It was husky and soothing. It was like a lullaby to her ears. Kahapon niya lang ito personal na nakilala pero ang daming pagbabagong nagaganap sa kanya. Kailan pa nangyari na hindi siya nakatulog nang dahil sa isang lalaki? Bakit sa tuwing malapit ito ay kay bilis ng tibok ng puso niya? At higit sa lahat ay ang nakakalitong pakiramdam na kapag malapit ito ay gusto niyang tumakbo palayo rito and at the same time ay ayaw niya dahil nais niyang makasama ito.

Nalilito siya. Nagsusumiksik sa isipan niya kung

ano ang nangyayari sa kanya. Hindi iyon kasama sa priorities niya. Bata pa siya at higit sa lahat wala ring mararating iyon. Dahil imposibleng magustuhan siya nito.

“I don’t know if I’m right pero I have this feeling na hindi mo ako gustong makasama.” Napahinto siya sa paglalakad at tumingin dito.

“Paano mo naman nasabi ’yan?” Nataranta siya sa narinig. Ganoon ba siya ka-obvious? Nahahalata rin ba nito ang kakaibang nararamdaman niya para rito?

“Kung hindi pa ako magsasalita, hindi ka sasagot. You always walk as if you’re alone. Ni hindi mo ako tinitingnan kapag kausap ako.” Isinuklay nito ang kamay sa buhok nito. He looked a bit frustrated.

She couldn’t help smiling. Kahit nakasimangot ito ay hindi nabawasan ang kaguwapuhan nito.

“Eh, ano ba kasi’ng gusto mo? Titigan ka? Dumikit ako sa ’yo habang naglalakad, gan’un?” nangingiting tanong niya.

She was surprised by the way they talked to each other. Kanina lang ay tahimik na tahimik sila. Ngayon ay parang ang tagal na nilang magkakilala kung magbangayan.

“Not to such lengths, no. I’m just saying you’re too formal.” Ngumiti ito. “Well, at least you’re smiling now.”

“So, ang gusto mo pala ay ngumiti ako nang ngumiti? Baka mamaya mapagkamalan akong baliw.” She was surprised to see him acting like a child. Iyong tipong nagta-tantrums kapag hindi nakuha ang gusto. Her impression of him was that he was always sure of himself. That he always got what he wanted.

“Hindi mangyayari iyon. Basta sa ’kin ka nakangiti,” natatawang sagot nito.

“Halika na nga.” This time ay magkaagapay na silang naglakad.

Ang nakakailang na pader sa pagitan nila ay dagling naglaho. Nang makarating sa library ay hindi iilang estudyante ang napapatingin sa kanila. Inignora na lang niya ang mga ito.

“Hmm, ilang related lit kaya ang makukuha natin dito?” Nasa reference section sila at naghahanap ng iba’t ibang compilation ng news clippings and articles.

“I doubt kung makokompleto natin lahat ’yon.” Umiling-iling ito habang binabasa ang hawak na folder.

“I don’t understand why Miss Manzon won’t allow us to use the Internet to search for references,” dagdag nito.

“Mas reliable kasi kapag books or magazines. Isa pa, this research aims to develop our patience and resourcefulness. Hindi ba’t mas nakaka-proud ang isang bagay na alam mong pinaghirapan mo talagang makuha? Sa Internet kasi, para kang bata na sinusubuan ng information. Don’t take me wrong, I appreciate the technology. Pero it’s good to return to the basics every once in a while,” nakayukong saad niya.

Wala siyang narinig na imik dito. Nag-aalangang tumingin siya rito. Baka kasi na-offend ito sa sinabi niya. Nanatili itong nakatingin lang sa kanya. Hindi niya mabasa kung ano ang saloobin nito sa sinabi niya.

“G-galit ka ba?” She bit her lower lip.

“No.” Umiling ito. “I just realized something.”

“And?”

“I’m a lazy person when it comes to these.” Iminuwestra nito ang mga libro at magazines na nagkalat sa lamesa nila. “I’m sorry.”

Ni hindi siya na-turn-off sa ginawa nitong pag-amin. It was another thing that surprised her. Kadalasan ay walang dating sa kanya ang mga taong tamad mag-aral at puro pagbubulakbol lang ang alam.

“Sorry? Bakit ka nagso-sorry?”

“Kasi tamad ang partner mo.” He grinned.

“Ayos lang. Masipag naman ako, eh.” She grinned at him, too. This time she let go of her defenses.

Nauwi sa tahimik na tawanan ang usapan nila. She never thought that they would have this moment. Ni minsan kasi ay hindi sila nagkausap nito. Akala niya ay magiging nakakailang ang mga panahong ipagsasama nila sa paggawa ng research. But she was inexplicably happy and she didn’t want to excessively reflect on the things happening to her. Masaya siya kapag kasama Jude. Tapos ang usapan.

“Grace, ano kaya ang problema ni Margareth ngayon?” bulong niya nang madaanan nila ang grupo ng huli. Napansin niyang masama ang pagkakatingin nito sa kanya.

“Duh. Nagseselos lang ’yan sa ’yo kasi lagi mong

kasama si Jude. Huwag ka ngang dense.”

Well, hindi niya hawak iyon. Hindi maiwasang madalas niyang makasama ang lalaki dahil sa kanilang research.

Napabuntong-hininga siya. “Natural lang siguro ’yon. B-boyfriend niya ’yon, eh.” Parang may kumurot sa puso niya sa pagkakabanggit niyon.

“Hayaan mo na nga ’yon. At isa pa, hindi niya boyfriend si Jude.”

Kahit ilang linggo pa lang mula nang makilala niya si Jude ay napatunayan niya na may magaganda rin itong katangian. Hindi ito pasaway kapag sila ang magkasama. Magalang din ito. Nagulat siya na marunong itong gumamit ng ‘po’ at ‘opo’. At higit sa lahat kapag interesado itong gawin ang isang bagay ay nakikita niyang ibinibigay nito ang best nito. Masigasig ito sa paggawa ng research nila. Magkagayunpaman ay hindi niya magawang magtanong dito ng tungkol sa personal nitong buhay. Hindi rin naman kasi ito nagtatanong sa kanya.

“Talaga?”

Matamang tumingin sa kanya ang kaibigan. “You like him, Kit.” It was more of a statement than a question.

Sa tingin niya ay walang silbi kung maglihim siya rito.

“H-halata ba?” Grace was her best friend. Walang silbi kung itatanggi niya. Kilala siya nito.

Her friend knowingly smiled at her. “Sa iba siguro maitatago mo, pero hindi sa ’kin. You’ve changed a lot, Kit. The way you carry yourself, it’s still the same. Pero ’yong mga mata mo, they sparkle everytime you mention his name. Hindi ka na rin nega ngayon. At ngumingiti kang mag-isa,” tudyo nito.

“Tama ba ’to? Minsan, nahihiya ako sa sarili ko. Para kasing hindi bagay sa ’kin ’yong maging ganito,” nag-aalinlangang tanong niya.

“Why not? Isa pa, it’s normal to have a crush or puppy love.”

Crush? Puppy love? Sana nga ay iyon lang ang nararamdaman niya.

“E-ewan ko. Nalilito ako.”

Tinapik nito ang balikat niya. “Kit, just enjoy the feeling. Don’t think too much. Let go of your worries. Kumbaga sa pagkain, eat all you can. Saka na ang diet-diet na ’yan.”

Tama ito. Bata pa siya para mag-isip ng mga

Reunited Hearts - Blaize Pascual

komplikadong bagay. Siguro nga ay paghanga lang ang nararamdaman niya kay Jude. Iyon lang iyon. Hindi nangangahulugan na lalagpas pa roon. Baka talagang nanibago lang siya.

“Gracia, nakakatakot ka pala kapag seryoso ka.”

Bumungisngis ito. “Minsan lang ’to. Kapag bilog ang buwan.”

Natawa siya sa kaibigan. It was really nice to have someone like her.

3

“Going home?”

Muntikan na siyang mapasigaw nang marinig ang nagsalita. Mabilis na lumingon siya sa pinanggalingan ng boses.

“Jude!” Nasapo niya ang dibdib sa gulat. Ano ang ginagawa nito rito?

“Sorry. Did I scare you?” Marahan itong lumapit sa kanya. Apologetic na ngumiti ito.

“B-bakit nandito ka pa?” Sinipat niya ang suot na relo. Six-thirty na ng gabi. Kung hindi lang sa article na kailangan niyang i-edit ay hindi siya aabutin sa school ng ganoong oras. Contributor siya sa school paper.

“Katatapos lang ng practice namin. I was about to leave when I saw you. What about you? Gabi na pero nandito ka pa rin.” Umiling ito. Iyong tipong nagsasabing hindi nito gusto ang nalaman.

He looked worried about her. Parang may humaplos sa puso niya.

“Tinapos ko lang ’yong feature articles this month

for our school organ.”

“Dapat may kasama ka. Give me that.” Walang anumang kinuha nito ang clear envelope na hawak niya. “Let’s go.” Hinawakan siya nito sa siko at saka tinawid ang buong quadrangle patungo sa exit gate.

She almost flinched when she felt his hand on her skin. Bakit ba para siyang kinukuryente? Nag-init ang mukha niya. Mabuti na lang at gabi na. Mga street lights na lang ang nakabukas. Mas lalo siyang mahihiya rito kung makikita nito ang pamumula ng mukha niya. Nag-angat siya ng tingin dito. He was so tall kaya balikang lang nito ang nakita niya. Pakiramdam niya ay natural lang ang eksenang iyon sa kanila.

Crush lang ba ’to? Bakit pakiramdam ko hindi ko makakalimutan ang araw na ’to?

Malapit na sila sa labasan nang lumiko ito patungo sa parking lot.

“Tek... dito na lang ako.” Huminto siya sa paglalakad.

“It’s already late kaya ihahatid na kita.”

“At kung hindi ako pumayag?” Isa sa mga ugali nito na napapansin niya ay may pagkadinante

ito pero kataka-takang hindi siya naiinis dito. She actually found it very endearing.

Malamlam man ang ilaw sa paligid nila ay nakita niya ang pag-angat ng isang sulok ng labi nito.

Tila na-amuse ito sa kanya. “Kit, puwede ba kitang ihatid?” Natawa siya sa inakto nito. “O, ’tapos ngayon, pagtatawanan mo ako?” Napakamot ito sa ulo.

“Wala lang. Hindi lang ako sanay na may naghahatid sa ’kin. Malapit lang ako dito.”

“Well, you should get used to it then.”

Napakunot-noo siya sa sinabi nito pero katulad nga ng pangako niya sa sarili ay ayaw na niyang mag-isip ng kung anu-ano.

“Lika na.” Tinungo nila ang parking lot. Natigilan siya nang huminto sila sa tapat ng isang motor. It was a *Ducati*.

“D-diyan tayo sasakay?” Takot siyang sumakay sa motor. Mas nanaisin pa niyang maglakad kaysa sumakay roon. “M-maglalakad na lang siguro ako.” Napangiwi siya sa sinabi.

He softly laughed. “May takot ka din pala.”

“Ano ba’ng tingin mo sa ’kin? Daredevil?”
Napanguso siya.

Nauwi sa malakas na halakhak ang tawa nito. Again, hearing his laughter was like a music to her ears. Para siyang inaantok.

“Nope. But you always appear to have a strong personality. Kaya hirap akong abutin ka...”

“A-ano’ng sinabi mo?” She was not sure if she heard it right. Masyado kasi siyang naka-focus sa tawa nito.

“Ang sabi ko, hindi kita ilalaglag diyan. Kaya halika na.” Iginiya siya ng binatilyo sa motor nito.

Hayan. Kung anu-ano kasi’ng ini-imagine mo kaya tuloy nabibingi ka na, kutya ng isip niya.

Isinuot nito ang helmet sa kanya. Nang umupo ito sa harap niya ay napansin niyang wala itong suot na helmet.

“Teka, wala kang helmet,” sabi niya.

“Don’t worry about me, Kit. Your safety is more important.” Pinaandar na nito ang motor.

Nilamon ng ingay ng makina ang naging pagsinghap niya sa sinabi nito. Napuno ng kagalakan

ang puso niya sa narinig. Was it her lucky day? She didn't know. Basta masaya siyang kasama ito. Marahan niyang hinawakan ang mga balikat nito.

“That’s not the right way to hold me.” Kinuha nito ang mga kamay niya at ipinulupot sa baywang nito. “There. Para hindi ka mahulog,” saad nito at saka marahang pinatakbo ang motor.

It was indeed her day.

Nag-aatubili man ay ipinagpatuloy niya ang pagpunta sa gym. It was Saturday. Ang buong research team nila ay nagkita-kita nang araw na iyon para i-finalize ang research nila. For the past weeks ay naging busy sila para magawa iyon. At ngayon nga ay minor revisions na lang ang kulang para sa final output.

Hindi pa man tapos ang group meeting ay nagpaalam na si Jude dahil may practice din ang team nito. Nakiusap ito na kung hindi ito makakabalik agad ay hintayin niya ito para mai-relay niya ang napag-usapan ng grupo. Pero nainip na siya kaya kahit nag-aalinlangan ay nagpasya siyang puntahan ito sa gym. Kaya heto siya ngayon.

Kinakabahan siya. Nagagawi lang siya sa lugar na

iyon kapag intramurals o may ibang school program. Mula sa labas ay naririnig niya ang malakas na tilian. Kahit kasi practice lang ay maraming estudyante ang pumupunta roon para manood. Kahit tagaibang school ay nagagawi roon. Nang makapasok sa loob ay iginala niya ang paningin sa paligid. Sa right and left wing ng gym ay madaming nanonood. Napatingin siya sa court.

Kasalukuyang si Jude ang may hawak ng bola. Gamay na gamay nito ang paglalaro. His moves were spontaneous. Nanatili siyang nakatayo sa tabi ng entrance. Mas gusto niyang panoorin ito mula roon.

Muntik na siyang mapapalakpak nang mai-shoot nito ang bola sa three-point field. Sumenyas ang coach ng mga ito ng time-out. Umaasa siyang mapapatingin ito sa gawi niya na siya ngang nangyari. He waved a hand in her direction. Gumanti siya ng kaway.

Lumapit ito sa coach nito at may sinabi. Napakunot-noo siya nang makita ang ginawang pagsisikuhan ng mga teammates nito ngunit mabilis na nawala roon ang atensyon nang makitang palapit na ito sa kanya.

“Hey, kanina ka pa ba? Nainip ka na ba sa ’kin? The practice started late. Wait, magpapaalam lang ako kay coach,” sunud-sunod na saad nito. Parang

natataranta ito.

“Okay lang. Hindi naman ako nagmamadali,” pigil niya.

Napailing siya sa sinabi. Kanina lang ay inip na inip na siya pero hayun at sinabi niyang ayos lang kahit maghintay pa siya.

“No.” Umiling ito. “Hintayin mo ako dito.” Tumalikod na ito.

Nakita niya ang pagtango ng coach nito. Malamang ay pinayagan itong umalis agad. Nagtaka siya nang maghiyawan ang mga kasama nito. Hindi niya lang masyadong marinig ang pinag-uusapan ng mga ito. Ipinalagay na lamang niyang may kinalaman iyon sa game.

Nakasukbit ang body bag ni Jude.

“Buti pinayagan ka?”

“Coach understood me. Tara na.” Awtomatikong hinawakan siya nito sa siko.

It was one of his gestures na hahanap-hanapin niya when this was over. Malapit na ang defense nila. Pagkatapos niyon, hindi na niya makakasama ito. Nagtanong ito tungkol sa napag-usapan ng grupo. Sinabi niya rito na minor revisions na lang

ang kailangang gawin nila. Silang dalawa kasi ang naatasang mag-finalize niyon bago ang mock defense. Napagkasunduan nila na sa bahay na lang ng mga ito sila gagawa.

Hindi napigilan ni Kit ang mapabulalas nang makapasok sa loob ng bahay ng mga Torregoza. Napangiwi siya nang mapagtanto ang nagawa. He was amusedly smiling at her.

“Sorry...” Nakagat niya ang pang-ibabang labi.

She was fascinated by the interior design of the house. Karamihan sa mga gamit ay antigo pero hindi nakakatakot ang aura. Magaganda ang disenyo ng bawat kagamitan doon. Ang isang bahagi ng living room ay hindi typical na kurtina ang nakakabit kundi mga grass curtains.

“Mama personally designed the whole house.”

She noted the impersonal tone in his voice. Nang may dumaang kawaksi ay nagpadala ito ng merienda. Iginiya siya nito sa backdoor ng bahay. Tinungo nila ang gazebo.

“You like the place?” tanong nito.

“Oo. Maganda. Hindi katulad ng mga napapanood

ko na parang museum dahil panay old-fashioned ang mga muwebles.” Kahit ang garden ay Filipino style.

There were pieces of driftwood that served as landing showcases. Various palms, vines and shrubs were all over the area.

Wala na itong sinabi pa. Napansin niyang tila nagbago ang mood ni Jude pagkabanggit sa ina nito. Pagkatapos nilang magmerienda ay sinimulan na nila ang pagre-revise ng written output nila. It was almost lunch time nang matapos sila. Tahimik pa rin ito maliban sa panaka-nakang pag-uusap nila tungkol sa ginagawang research. Halos sabay pa silang nag-inat.

“Jude?”

“Hmm?” Nakapikit ito habang hinihilot ang batok.

“G-galit ka ba sa m-mama mo?” Maiintindihan niya kung hindi siya sagutin nito. Alam niyang lumalagpas siya sa boundary pero hindi niya matiis na hindi ito nagsasalita.

“The truth? I’m not angry at them, sa kanila ni Papa.” Napabuga ito ng hangin.

Right that moment alam niyang may problema ito sa mga magulang.

“Nagtatampo lang ako. Would you believe na tatlong beses lang kami nagkikita ng parents ko sa loob ng isang taon? They’re always busy. Good thing my elder brother always makes time for us to see each other every month. Lahat sila busy sa trabaho.”

Ito ang unang beses na nakita niyang malungkot si Jude. Ngayon niya naiintindihan ang mga napapabalitang pangit na pag-uugali nito. Paraan siguro nito ng pagrerebelde. Sa buong panahon kasi na magkasama sila ay hindi naman nito pinasakit ang ulo niya. He was longing for his parents’ attention.

“Para sa ’yo din naman kaya nila ginagawa ’yon, Don’t you think so?”

Nagkibit-balikat ito. “For my own good? No, I don’t think so.” Umiling-iling pa ito.

“Ang papang ko ay nasa Saudi kaya minsan lang din namin siya makasama ni Mamang. Kahit gusto kong ipagpilitan na huwag na siyang umalis dahil gusto ko siyang makasama nang matagal ay hindi puwede.”

“But at least you have your mother,” saad nito.

“That’s not the point, Jude. Ang gusto kong sabihin sa ’yo, walang magulang na hindi nangarap ng maganda para sa pamilya niya. Lalo na sa mga

anak nila.”

“Kaya okay lang na wala silang oras sa mga anak nila?”

“I’m sure nahihirapan din sila. What they’re doing is a big sacrifice. Naniniwala ako na mahirap din sa kanila ang ginagawa nila. Believe me, time will come na magkakasama din kayo.” She gently tapped his shoulder.

“Am I that selfish?” tanong nito.

“No, Jude. You’re just hurting. Pero kung matatanggap mo ang reason nila kaya wala silang panahon sa ’yo, mas magiging madali ang buhay.”

Ngumiti na ito. She sighed. Salamat naman at nakangiti na ito.

“Kit?”

“Hmm?” Napangiti siya dahil nagkabaliktad ang eksena nila. Pero hindi ito nagsalita. “What is it?”

“Nah. Forget it. Let’s have lunch.” Nagtungo na sila sa dining hall.

Habang kumakain sila ay ilang beses niyang nahuli ang pagsulyap-sulyap nito sa kanya.

“Ano ba kasi ’yon?” ulit niya.

Tumawa ito. “Seems like you know me already, Kit.”

“Oo. Kaya alam kong may sasabihin ka. Ano ba kasi ’yon?” pangungulit niya.

“Next week will be our defense, right?”

Tumango siya. “Right.” Nalungkot siya nang maisip na hanggang next week na lang pala niya ito makakasama.

Wala na kasing rason para magsama o mag-usap pa sila nito. Kung maaari lang niyang pigilan ang mga araw ay gagawin niya pero alam niyang imposible. Darating at darating ang araw na maghihiwalay sila.

“Are you ready for it?”

Tumango lang siya. Parang nawalan ng lasa ang pagkain niya. Hindi na niya maalis sa isip ang napipintong paglalayo nila.

Diyos ko, Kit! Research partners lang kayo. He’s not your boyfriend pero para ka nang mamamatay diyan. Ang tindi mong magka-crush, Neng, pang-aasar ng isang bahagi ng isip niya.

Paano na kapag dumating na ang araw na iyon? Kakausapin pa kaya siya nito? Siguro naman. Ito kasi ay itinuturing na niyang kaibigan.

Ows? Friend nga ba talaga?

Ipinilig niya ang ulo. Kung anu-anong naiisip niya. Pagkatapos kumain ay inihatid na siya nito sa kanila.

On their way to her home ay tahimik lang sila. Unlike last time, kotse ang ginamit ni Jude ngayon. Nagpasalamat siya rito pagdating sa tapat ng bahay nila. Akmang bubuksan na niya ang pinto ng sasakyan nang magsalita ito.

“Kit?” Hinawakan nito ang kamay niya.

“Ano ’yon?” Her heart was nervously waiting for what he was going to say.

“Do you consider me as your friend now?” There was uncertainty in his eyes.

Hindi man iyon ang inaasahan niyang sasabihin nito ay napangiti siya.

“Oo, Jude. You are my friend now.”

Hindi niya kayang bigyan ng pangalan ang nakikitang emosyon sa mukha nito. It was as if he was holding onto his lifeline habang hawak ang kamay niya. As for her, tila nga hawak ng lalaki ang buhay niya. At least, may rason pa siya para malapitan ito.